OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 8/16/23 Time: 11:16 AM

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-112

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHANG BLG. 3, H-2023 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG DAAN PITUMPU'T WALONG LIBO, WALONG DAAN WALUMPU'T TATLONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMO (₱578,883.30)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Cambaog para sa kanilang first updating ng annual barangay youth investment program na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng ₱578,883.30;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Cambaog at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Cambaog ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T**, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 3, H-2023 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Cambaog, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget No. 1) para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Limang Daan Pitumpu't Walong Libo, Walong Daan Walumpu't Tatlong Tatlong Piso at Tatlumpung Sentimo (₱578,883.30).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-14 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-14 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim